

Mga Iskolar-graduate ng DOST bagong mga guro ng DepEd-X

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII

Tatlumpu't dalawang (32) iskolar ng Department of Science and Technology – Science Education Institute (DOST-SEI) na ngayo'y nakapagtapos na ng kursong edukasyon ang nanumpa bilang mga bagong Special Science Teacher I ng Department of Education – Cagayan de Oro City Division sa isang oath-taking ceremony na isinagawa noong 07 Agosto 2020, sa Cagayan de Oro City Hall.

Ang mga bagong guro ay nakapagtapos sa ilalim ng DOST-SEI Junior Level Science Scholarship Program RA 10612 o ng Fast-tracked S&T Scholarship Act of 2013, ang batas na nagpapalawak ng saklaw ng Science and Technology (S&T) Scholarship Program at nagpapalakas ng pagtuturo ng agham at matematika sa mga matataas na paraalan. Ang mga nagtapos sa programang ito ay kinakailangang makapagturo sa mga senior high school sa panahong katumbas ng bilang ng taon na iskolar sila ng programa.

Sinalubong at hinamon ni Dr. Cherry Mae L. Limbaco na siyang DepEd-CDO Schools Division Superintendent ang mga bagong miyembro ng kaguruan na sumabay sa

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Ayuda ng DOST sa produksyon ng seaweed sa Zamboanga del Sur..... **p3**

Oriental Mindoro nakatanggap ng mahigit sa 2000 face shields na gawa ng DOST..... **p3**

DOST-IX nagkaloob ng 1.4M para sa agrikultura at food processing sa ZSP farmers..... **p4**

Industriya ng Egg Farming sa Batangas, palalakasin ng pag-aaral

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII



Nakipag-partner ang Batangas Egg Producers Cooperative or BEPCO sa University of the Philippines Diliman sa pag-develop ng egg white powder mula sa oversupply ng kanilang egg production. (Screenshot mula sa DOST Report episode)

Itunuring na Egg Basket ang bayan ng San Jose sa probinsya ng Batangas. Mula sa napaka-backyard na pag-aalaga ng itlog noong 1960's, unti-unti naging Agro-industrial ang egg farmers dito dahil sa tulong ng inobasyon.

Sa taong 2009 ng naging hamon sa mga taga-San Jose ang pagkakaroon ng oversupply na itlog na nagmumula sa pitong milyong

manok sa kanilang bayan.

Kaya naman itinatag ang Batangas Egg Producers Cooperative o BEPCO na kung saan natulungan nila ang mga egg farmer sa kanilang bayan na makadabelo ng iba't ibang produkto mula sa itlog kagaya ng liquid egg at frozen egg.

sundan sa pahina 2

Industriya ng...

Mula sa pahina 1

Ngunit kasabay ng pag-angat ng mga produkto nito, taong 2017 naman ay nagkaroon ng kaso ng Bird Flu sa bansa.

“Noong 2017, nagkaroon ng overproduction sa aming bayan dahil nagkaroon ng Bird Flu sa Pilipinas. Milyon-milyong itlog ang natambak sa aming bayan. Kaya napaisip kami kung anong maaaring gawin sa mga surplus na itlog para mapakinabangan pa ang mga ito”, paglalahadi ni Cecille Virtucio, ang managing director ng BEPCO.

Ito ang naging daan sa kolaborasyon ng BEPCO at ng University of the Philippines (UP) Diliman at mag-aplay sa programa ng Department of Science and Technology (DOST) na Collaborative Research and Development to Leverage Philippine Economy o CRADLE. Itinampok ang kanilang istorya sa nakaraang episode ng DOST Report nitong 14 Agosto 2020.

Ibinahagi ni Dr. Patricia V. Azanza, project leader ng nasabing pag-aaral at propesor sa UP College of Home Economics, layunin nila na makagawa ng powder na galing sa mga low-edible shell egg o hindi na kagandahang

mga itlog na may mababang presyo rin.

“Pinag-aralan namin ang kalidad ng mga bulok na itlog (soft-shell egg), maruming itlog (dirty egg), at basag na itlog (checked egg) kung ano ang maaaring idebelop na pulbos o granules. Bakit natin ninanais na gawing granules o powder ang mga low-value na itlog? Sapagkat mahaba ang shelf-life nito kaya matagal itong mapapakinabangan ng industriya at nakadagdag pa rito na sanay na silang gamitin ito,” paliwanag ni Dr. Azanza.

Lumabas sa kanilang pag-aaral na ang dirty egg o maruming itlog ang maaaring idebelop na granules at powder. Kinakailangan lamang maituro sa mga miyembro ng BEPCO ang wastong paghuhugas at paggamit nito upang maging kalidad at ligtas ang mga produktong magagawa at maibebenta nila sa merkado.

Ang nasabing kolaborasyon ay nagbigay daan para madebelop ang Egg White Powder na maaaring magamit sa paggawa ng mga paborito nating cake at tinapay, gayundin ang mayonnaise at meringue.

“Ang aming proyekto sa ilalim ng CRADLE ay nagresulta upang makapagbigay kami (UP

Diliman) ng prototype na pulbos sa BEPCO. Matapos nila itong ma-evaluate ay naipamigay na ito sa industriya sa loob lamang ng tatlong buwan,”

Dagdag pa ni Dr. Azanza, binabalak nilang ipamigay ng pangmaramihan ang mga teknolohiya sa paghuhugas at pagdidisinfekt ng mga itlog matapos lang nila ang pagbabago sa disenyo ng kanilang teaching aide upang magawa ito kahit sa pamamagitan na virtual na proseso.

Ibinahagi rin niya na napakinabangan sa proyektong ito ang mga makinaryang nadebelop sa Food Innovation Center ng DOST na itinayo rin sa loob ng UP Diliman.

“Napakarami naming natutunan mula sa proyektong ito, bukod sa paggawa ng egg white powder, sa tulong ng DOST at UP Diliman, naging instrumento kaming mga nasa kooperatiba sa pagtugon sa mga pangangailangan ng ating mga egg farmers dito sa aming bayan (San Jose, Batangas) at pagbibigay ng pangmatagalang solusyon sa mga problemang maaaring makaapekyto sa kanilang kabuhayan,” saad ni Virtucio.

Mga iskolar...

Mula sa pahina 1



Si CDO Mayor Oscar S. Moreno habang pinangungunahan ang panunumpa ng mga bagong guro ng DepEd-CDO. (Larawan mula sa DOST-X)

makabagong hamon ng distance learning. Aniya, dapat na makaugnay at makipag-ugnayan ang mga guro sa mga magulang upang makapagturo sa mga mag-aaral

nang mas epektibo sa kabila ng hamon ng pandemya.

Pinangunahan ni Cagayan de Oro City Mayor Oscar S. Moreno ang panunumpa ng

mga bagong guro, kasama sina Dr. Limbaco at DOST-X Regional Director Alfonso P. Alamban. (Impormasyon mula kay Renato A.



Ibinahagi ng DOST ang tulong sa dalawang samahan ng mga seaweed farmer sa lalawigan ng Zamboanga del Sur. Kasama sa larawan sina Provincial Governor Victor J. Yu at mga kinatawan ng Bomba at Baroy Seaweeds Farmers Association. (Larawan mula sa DOST-IX)

Ayuda ng DOST sa produksyon ng seaweed sa Zamboanga del Sur

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII

Upang maiangat ang produksyon ng seaweed sa Zamboanga del Sur, ang Department of Science and Technology (DOST) ay naghatid ng kinakailangang tulong sa pamamagitan ng proyekto para sa dalawang samahan ng mga nag-aani ng halamang dagat.

Sa nasabing proyekto, makikinabang ang nasa 150 na lokal na seaweed grower sa munisipalidad ng Dumalinao at Pagadian City, Zamboanga del Sur. Ang tulong na nagkakahalaga ng Php700,000 ay gagamitin sa pagbili ng floating type seaweed dryer na inaasahang magdudulot ng karagdagang ani ng seaweed (*Kappaphycus alvarezii* [cottonii] type). Ang seaweed ay kilala rin sa tawag na guso o agar-agar.

Tinanggap ng mga kinatawan ng Bomba at Baroy Seaweeds Farmer Association ang tulong na ipinaabot ng DOST Regional Office IX sa Provincial Science and Technology Center.

Katuwang ng DOST sa nasabing proyekto ang University of the Philippines- Los Baños-Center of Agri-Fisheries and Biosystems

Mechanization (UPLB- BIOMECH). Ang nasabing seaweed dryer ay naaayon sa iba't ibang kondisyon ng mga seaweed culture sa bansa.

Gamit ang teknolohiya, sinisiguro nitong maganda ang kalidad ng mga pinatutuyong seaweed sapagkat ito ay maykakahayang pangalagaan ang mga seaweed sa biglaang pagbabago ng panahon na naka-aapekto sa anyo ng seaweed di tulad ng mga pangkaraniwang pamamaraan ng pagpapatuyo.

Layon ng DOST na mapaghusay ang mga komunidad sa ilalim ng mga programa nito gamit ang agham at teknolohiya na makapagbibigay ng karagdagang halaga sa mga lokal na produkto at serbisyo ng mga nasa lalawigan.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa DOST Regional Office IX sa dost9info@gmail.com o magtungo sa Facebook page na www.facebook.com/DOSTRegion9. (Impormasyon mula kay Nori Vincent C. Aposagas, DOST RO IX)

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.



Si USTP Pres. Ambrosio B. Cultura II at RD Alamban habang pumipirma sa MOA. (Larawan mula sa DOST-X)

DOST, USTP aprubado ang pagtatayo ng Innovation Center for Metals and Engineering sa Rehiyon X

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII

Nakipagkasundo ang Department of Science and Technology – Region X (DOST-X) sa University of Science and Technology of the Philippines (USTP) CDO Campus at DOST - Metals Industry Research and Development Center (DOST-MIRDC) sa pamamagitan ng isang memorandum of agreement para sa pagtatayo ng Metals and Engineering Innovation Center o MEIC sa Rehiyon 10. Ang naturang ceremonial MOA signing ay ginanap sa USTP-Claveria sa selebrasyon ng USTP’s Fourth Charter Day noong 13 Agosto 2020.

Ang USTP-MEIC ay una lamang sa proyekto ng DOST-MIRDC na makapagtayo ng Metals and Engineering Innovation Center

sa limang piling rehiyon sa buong bansa. Layunin nitong makabuo ng isang malakas na pagtutulungan sa pagitan ng DOST at ng mga regional academic institutions upang itaguyod ang kultura ng pagbabago at mapalakas ang kapasidad at kakayahan ng mga Partido sa larangan ng metalworking. Ang mga layuning ito naman ay upang mapahusay ang mapagkumpitensiyang kalamangan ng industriya ng metals and engineering (M&E) sa mga rehiyon.

“Ang metals industry ay itinuturing ng ‘mother’ of all industries. Ang bawat industriya na mayroon ngayon ay gumagamit ng metals at engineering sa operasyon nito. Kaya naman, kami sa DOST ay nagbibigay ng maayos na

koordinasyon ng agham at teknolohiya at sinisiguro na ang mga resulta ay nakatuon at magagamit sa pinakamataas na antas ng ekonomiko at panlipunang benepisyo para sa mamamayan ng Rehiyon 10,” ani DOST-X Regional Director Alfonso P. Alamban sa kanyang mensahe noong MOA signing.

Ang naturang innovation center ay maglalaman ng mga iba’t ibang tools and equipment mula sa DOST-MIRDC na pawang nagkakahalaga ng P7,000,000.00. Nangako naman ang DOST-X na mag-aabot ng P2,000,000.00 bilang funding assistance sa naturang pasilidad. (Impormasyon mula kay Rubie Mae Fernandez, DOST-X).